

## **Titulo VI (Title VI)**

### **Pahayag ng Patakaran**

Pinagkakalooban ng Central Contra Costa Transit Authority (County Connection) ang lahat ng mamamayan ng pantay-pantay na akses sa mga serbisyo nito ng transportasyon sa Central Contra Costa. Dedikado ang County Connection sa patakaran walang-diskriminasyon sa pagpapatakbo ng negosyo nito, kabilang ang mga responsibilidad nito sa ilalim ng Title VI ng Civil Rights Act of 1964 na nagsasaad na dapat ay walang tao, na hindi pahihintulutan sa pakikilahok, pagkakaitan ng mga benepisyo, o sasailalim ng diskriminasyon sa ilalim ng programa nito sa paghahatid ng mga serbisyong transportasyon dahil sa kanyang lahi, kulay o bansang pinagmulan.

Ang isang nagrereklamo ay maaaring direktang maghain ng reklamo sa Federal Transit Administration sa pamamagitan ng paghahain ng reklamo sa Office of Civil Rights, Attention: Title VI Program Coordinator, East Building, 5th Floor-TCR, 1200 New Jersey Ave., SE, Washington, DC 20590

Kung kinakailangan ang impormasyon sa iba pang wika, makipag-ugnayan sa **925-676-7500**.

### **Mga Pamamaraan ng Reklamo ukol sa Title VI**

Kung naniniwala kang nakatanggap ka ng pakikitungong may-diskriminasyon batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan kagnay sa paghahatid ng mga serbisyong transportasyon, may karapatan kang maghain ng reklamo sa Title VI sa Civil Rights Administrator ng Authority. Hinihingi ng mga batas na Pederal at Pang-estado na ihain ang mga reklamo sa loob ng isangdaan at walumpung (180) araw sa kalendaryo mula sa sinasabing insidente. Maaari mong i-download ang form para sa paghain ng reklamo sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.cccta.org](http://www.cccta.org). Maaari ka ring tumawag sa customer service at hilinging mapadalhan ka sa koreo ng form ng reklamo sa Title VI. Maaari mo ring isumite ang isang nakasulat na pahayag na naglalaman ng lahat ng impormasyong nakalista sa ibaba. Dapat ipakoreo o ipahatid ang mga reklamo sa:

County Connection  
Civil Rights Administrator  
2477 Arnold Industrial Way  
Concord, CA 94520

Dapat kasama sa lahat ng reklamo ang mga sumusunod na impormasyon:

1. Pangalan, address, at numero ng telepono ng nagrereklamo.
2. Ang batayan ng reklamo; (hal., lahi, kulay, o bansang pinagmulan).
3. Ang (mga) petsa kung kailan nangyari ang sinasabing pangyayaring may diskriminasyon.
4. Ang uri ng insidente na nagbigay-daan upang maramdaman ng nagrereklamo na isang salik ang diskriminasyon.
5. Mga pangalan, address at numero ng telepono ng mga taong maaaring may alam sa pangyayari.
6. Iba pang ahensiya o hukuman kung saan maaaring inihain ang reklamo at pangalan ng nakaugnayan.